Republic of the Philippines
Department of Health
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**

**FDA ADVISORY**
**NO :** 2023-0407-A

14 MAR 2023

**SA : PANGKALAHATANG PUBLIKO**

**SUBJECT : HINDI AWTORISADONG PAGGAMIT NG DOH AT FDA LOGO SA PAGREREKOMENDA NG PRODUKTONG PANGKALUSUGAN**

---

Naipaabot sa kaalaman ng aming ahensya ang "Public Health Recommendation" na nakalagay sa isang *social media platform* na nagsasaad na inirerekomenda ng FDA ang naturang produktong pangkalusugan.

Nais paalalahanan ang publiko na **ang FDA ay hindi kailanman nagrerekomenda o magrerekomenda ng paggamit sa isang produktong pangkalusugan**. Pinangangalagaan ng ahensya ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pag-isyu ng License to Operate sa mga establisyemento at Certificate of Product Registration/Notification sa mga produktong pangakalusugan na sumusunod sa patakaran at alituntunin ng ahensya.

Gayundin, pinaaalalahanan ang lahat **na ang hindi awtorisadong paggamit ng pangalan at logo ng FDA ay may karampatang kaparusahan at kasong administratibo** sa sinumang napatunayang lumabag batay na rin sa nakasaad sa ***Article 179. Ilegal na pag-gamit ng uniporme o opisyal na simbolo ng isang organisasyon*** ng *Revised Penal Code of the Philippines* na:

> *"x x x Ang kaparusahan na pagkakakulong sa pinakamababang panahon ay maipapataw sa sinuman na hindi wastong gumamit ng opisyal na simbolo ng isang organisasyon, uniporme o damit ng isang opisina na hindi niya kinabibilangan"*

Hinihikayat na muli ang mga konsyumer na maging mapagmatyag at maingat sa pagbili at pag-gamit ng produkong pangkalusugan sa pamamagitan ng pagberipika kung ang produkto ay rehistrado o notipikado sa FDA gamit ang ***FDA Verification Portal*** (https://verification.fda.gov.ph/). Maaring ireport ang mga produktong kahinahinala at establisyementong hindi sumusunod sa alituntunin ng ahensya sa pamamagitan ng pag e-mail sa info@fda.gov.ph upang maaksyunan ng ahensya.

**DR. SAMUEL A. ZACATE**
Director General

Civic Drive, Filinvest Corporate City, Alabang 1781 Muntinlupa, Philippines
Trunk Line +63 2 857 1900 Fax +63 2 807 0751
Website: www.fda.gov.ph Email: info@fda.gov.ph

TÜVRheinland CERTIFIED
Management System ISO 9001:2015
www.tuv.com ID 9105073396